Tingnan niyo ito,Tinatanong niya sa akin ang tungkol sa dugo ng lamok,ngunit pinatay nila ang anak ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,At narinig ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan na nagsasabi:((Silang dalawa ay mababango kong halaman sa Mundo))

Ayin kay Ibn Abe Nu`aym,Nagsabi siya: Ako ay sumasaksi kay Ibn `Umar,at tinanong siya ng isang lalaki tungkol sa dugo ng lamok,Nagsabi siya: Saan ka galing?Nagsabi siya:Mula sa Iraq;Nagsabi siya:Tingnan niyo ito,Tinatanong niya sa akin ang tungkol sa dugo ng lamok,ngunit pinatay nila ang anak ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,At narinig ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan na nagsasabi:((Silang dalawa ay mababango kong halaman sa Mundo))
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

Na ang isang lalaki mula sa Irāq ay nagtanong kay Ibn 'Umar malugod si Allah sa kanilang dalawa-Maaari ba sa isang lalaki kapag siya ay nasa ilalim ng Ihrām na pumatay ng mga maliliit na insekto na nakakapinsala tulad ng lamig o hindi?Nagsabi siya na namamangha at nagugulat dahil sa pagpapahalaga sa mga halimbawa ng lalaking ito sa mga walang katuturang mga bagay,samantalang napakalakas ng loob nila sa paggawa ng malalaking kasalanan,Nagsabi siya:((Tingnan niyo ito,Tinatanong niya sa akin ang tungkol sa dugo ng lamok,ngunit pinatay nila ang anak ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan))Ibig sabihin ay gumagawa sila ng matirinding kasalanan at may lakas-loob sila na patayin ang apo ng Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,pagkatapos ay ipapakita nila ang ganap na Pagkatakot at Paniniwala sa kabanalan nila,Nagtatanong siya tungkol sa pagpatay ng lamok,Pagkatapos at Nagsabi siya:Nagsabi ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:((Silang dalawa ay mababangong halaman sa Mundo)) Ibig sabihin:silang dalawa ay mga anak ko,inaamoy-amoy ko at hinahalikan ko,silang dalawa ay parang buong mababangong halaman na inaamoy ng mga tao

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/11170